

Sa mga Teknikal Intern Trainees na nagdadalang-tao

- Sa Japan, ipinagbabawal ng batas ang pagtanggap sa trabaho dahil sa pagbubuntis.
 - Ang nagpadalang organisasyon at nangangasiwang organisasyon ay **hindi pinahihintulatang pauwiin kayo ng sapilitan** dahil sa iyong pagbubuntis.
 - Kung kayo ay tatanggalin sa trabaho o sapilitang pauwiin sa sariling bansa, **mangyari lamang na kumonsulta sa Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT)**.
Susupportahan kayo ng OTIT .
- * Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa likod

Ano ang gagawin kapag nabuntis?

- ☑ Kapag napansin ninyo na kayo ay buntis, sabihin sa consultation counter ng nangangasiwang organisasyon at sa nagpapatupad ng pagsasanay(kumpanya) ang tungkol dito.
- ☑ Maaari rin na kumonsulta sa OTIT o sa consultation counter sa lugar ng inyong tinitirahan. *Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa likod
- ☑ Ipaalam sa opisina ng munisipyong tinitirahan ang tungkol sa inyong pagbubuntis.
- ☑ Makakakuha ka ng handbook para sa kalusugan ng ina at bata at coupons para sa prenatal health checkup at iba pa sa opisina ng munisipyo, kaya siguraduhin na isagawa nang regular ang mga prenatal health checkups sa panahon ng pagbubuntis.

Maaari pa rin bang magtrabaho kahit buntis?

- ☑ Sa Japan, ang pagtanggap sa trabaho at pagtrato ng hindi maganda dahil sa ikaw ay buntis, ay ipinagbabawal. Maaari mong ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay kung nanaisin mong gawin ito.
- ☑ Sa Japan, maaari kang magpahinga ng anim na linggo bago ang petsa ng panganganak.

Kung hindi ka pumasok sa trabaho at walang sahod nang panahon na iyon, babayaran ka ng iyong health insurance ng maternity allowance (mga 60% ng average ng palagiang sahod).

Pagkapanganak, maipagpapatuloy pa ba ang training?

- ☑ Sa Japan, pangkaraniwan, na hindi maaaring magtrabaho ng walong linggo pagkatapos manganak dahil sa pisikal na kalusugan. Maaaring ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay pagkatapos ng panahong iyon.

Kung hindi ka pumasok sa trabaho at walang sahod nang panahon na iyon, babayaran ka ng iyong health insurance ng maternity allowance (mga 60% ng average ng palagiang sahod).

- ☑ Kahit na itigil mo muna ang technical intern training at umuwi ka sa sariling bansa para manganak, maaari mo pa rin ipagpatuloy muli ito. (Kinakailangan ng proseso)
- ☑ Upang ipagpatuloy ang technical intern training, kailangang gawin ang mga proseso sa Organisasyon para sa Technical Intern Training at iba pa. Ipaalam sa nangangasiwang organisasyon at nagpapatupad ng pagsasanay (kumpanya) kung kailan at kung nais mong ipagpatuloy ang teknikal intern na pagsasanay.

Impormasyon sa pakikipag-ugnay

Kapag may problema, tumawag sa Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT). (maaari ang konsultasyon sa telepono o email)

Suportadong wika	Araw at oras ng pagtugon	Numero ng telepono	URL site ng konsultasyon sa sariling wika OTIT
Vietnamese	Mon.- Fri., Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-168	https://www.support.otit.go.jp/soudan/vi/
Intsik	M, W, F, Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-169	https://www.support.otit.go.jp/soudan/cn/
Indonesian	Tues., Thurs. 11:00 - 19:00	0120-250-192	https://www.support.otit.go.jp/soudan/id/
Pilipino	T, TH , Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-197	https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/
Ingles	T, TH, Sat. 11:00 - 19:00 (Sat. : 9:00 - 17:00)	0120-250-147	https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/
Thai	Thurs., Sun. 11:00 - 19:00 (Sun. : 9:00~17:00)	0120-250-198	https://www.support.otit.go.jp/soudan/th/
Cambodian (Khmer)	Thurs. 11:00 - 19:00	0120-250-366	https://www.support.otit.go.jp/soudan/kh/
Myanmar	Tues. 11:00 - 19:00	0120-250-302	https://www.support.otit.go.jp/soudan/mm/

Kung may problema sa buhay, tulad ng mga pagaalala sa pagbubuntis, maaari rin na kumonsulta sa consultation counter sa lugar na tinitirahan.

Regional consultation counter (Foreigner's life support portal site)	http://www.moj.go.jp/isa/content/930004512.pdf * Ang mga suportadong wika ay magkakaiba depende sa bawat window.
Multilingual life consultation counter (Council of Local Authorities for International Relations)	http://www.clair.or.jp/j/multiculture/association/consultation_list.html

Ang impormasyon sa panganganak at pag-aalaga ay matatagpuan din sa “Guidebook sa pamumuhay at pagtatrabaho”.

<http://www.moj.go.jp/isa/support/portal/index.html>



Suportadong wika: Hapon (kasama na ang easy Japanese), Ingles, Intsik, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Nepali, Thai, Indonesian, Myanmar, Khmer (Cambodian), Pilipino, Mongolian